Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

6

# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

Ikalawang Markahan – Modyul 4 Week 3

## Pagiging Matapat

Crispina P. Pairat



SUPPORT MATERIAL FOR INDEPENDENT LEARNING ENGAGEMENT (SMILE)

A Joint Project of the
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY
and the
DIPOLOG CITY GOVERNMENT

**Edukasyon sa Pagpapakatao- Ika-anim na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan- Modyul 4 Week 3: Pagiging Matapat**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Crispina P. Pairat | |
| **Editor:** | Crispina P. Pairat | |
| **Tagasuri:** | Arsenia C. Zamoras | |
| **Tagaguhit:** | Crispina P. Pairat | |
| **Tagalapat:** | Dave D. Cubero | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| | Jay S. Montealto | -Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City

Telefax: (065) 212-6986

E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph




# *Alamin*

Sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao may pagkakataon na hindi maiiwasan na tayo ay nakagawa ng pagkakamali: Napakahalaga na maging bahagi ng pagkatao ng bawat isa ang katapatan. Ito ay moral na obligasyon ng tao sa kaniyang kapwa at sa Dios. Ang taong matapat ay mapagkatiwalaan at maasahan na gaganap ng kaniyang gawain nang walang kahalong pandaraya o pagsisinungaling.

**Pagkatapos mong mapag-aralan and modyul na ito, inaasahang inyong:**

Naipapakikita ang kahalagahan ng pagiging responsable sa kapwa ang pagiging matapat.



# *Subukin*

Iguhit ang masayang mukha  kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at ang malungkot na mukha  kung di wasto. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

________1. Iaasa ko na lamang sa iba ang aking gawain.
________2. Ipapagawa ko sa aking kapatid ang aking proyekto.
________3. Tatapusin ko ang anumang gawaing nasimulan.
________4. Gagawin ko lamang aking proyekto kung makatingin ang aking guro.
________5. Pagagandahin at tatapusin ko sa takdang oras ang aking gawain.

Magaling ka ! Naipamalas mo ang iyong husay sa matapat na paggawa. Binabati kita. Patuloy mo itong paunlarin.

| Aralin 4 | Pagiging Matapat |
|---|---|

# Aralin 4 Pagiging Matapat



## *Balikan*

Sa sagutang papel, lagyan ng kaukulang tsek (√) ang pinaniniwalaang pahayag.

| Mga Pahayag | Tama | Mali |
|---|---|---|
| 1. Sinasabi ko ang katotohanan | | |
| 2. Ako'y takot magsabi ng katotohanan dahil maraming magagalit sa akin. | | |
| 3. Ang lakas ng aking loob at katatagan ay aking ginagamit sa pamamagitan na pagtanggap ng mga mungkahi at paalala mula sa aking kapuwa. | | |
| 4. Hindi ako nahihinayang ipakita na magaling ako sa anumang bagay kaya ayokong pinipintasan ang aking mga ginagawa . | | |
| 5. Nakakauunawa ako kapag itinatama ng mga tao ang aking mga nagawang mali dahil mapabubuti at maipapakikita ko ang aking natatanging kakayahan. | | |



## *Tuklasin*

Basahin ang tula.

**Matapat na Paggawa**

Ang katapatan ay magandang kaasalan
na dapat tandaan ng mga kabataan
Nakatutok ang pansin at lakas sa ginagawa
Kahit walang bantay at nakakakita.

Ang matapat sa paggawa
Ay tunay na kahanga-hanga
Gawaing sa kanya itinakda
sadyang ginagawa nang buong kusa.

Ang paggawa nang matapat
Ay pagsasama ng maluwat
Hindi pansin ang paglipas ng oras
Laging nasa isip ang paggawa nang tapat.

Katapatan sa paggawa ay tunay na mahalaga
Kaysa sa salapi at dangal na nawawasak
Walang lungkot pagsisising madarama
Sa matapat na paggawa sa tuwi-tuwina.

**Pag-usapan Natin:** Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Anong kabutihang-asal ang nakapaloob sa tula?
2. Bakit mahalaga ang pagiging matapat sa paggawa?Ipaliwang ang dahilan?
3. Bakit mahalaga sa buhay ng tao ang paggawa? Ipaliwanag.
4. Kung ikaw ang tinutukoy ng tula susundin mo ba ito? Bakit
5. Kung makakakita ka ng isang taong hindi tapat sa kanyang ginagawa,anong gagawin mo?


## Gawain 1:

Sumulat ng pangungusap sa loob ng kahon. Kategoryahin ito sa matapat at di matapat na gawain.


| Matapat | Di - Matapat |
| --- | --- |
| | |
| | |
| | |

## Gawain 2:


Sagutin ang sumusunod at kompletuhin ang salita na nasa loob ng kahon gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. 

Magandang kaasalan na dapat ugaliin ng mga kabataan.


2. 

Nakatakdang proyekto

3. 

Paggawa nang di -inuutusan.

## *Suriin*




### Patawad Po!

24 Hunyo, 2015, nang ang isang mag-aaral ay naghulog ng liham sa isang “suggestion box” sa kanilang paaralan. Naglalaman ito ng kaniyang nagawang pagkakamali sa kaniyang kamag-aral. Inilalahad niya na siya ang nagtago ng bag ng kaniyang kamag-aral. Hindi naman daw niya ito nais paiyakin at totoong binibiro lamang niya si Mark. Hindi niya iniisip na magdudulot ito ng matinding takot sa kamag-aaral at magiging dahilan ito ng hindi pagpasok ni Mark ng ilang araw. Nabahala siya sa nangyari at lubusang nagsisisi sa pagkakamaling nagawa niya. Buong pusong ipinaaabot ni Joey ang kaniyang paghingi ng paumanhin sa mga magulang ng kaniyang kamag-aral at kay Mark na nagawan niya ng kamalian. Patawad po! Inilahad niya na anuman ang kapasiyahan ng pamunuan ng paaralan, ay kaniyang tatanggapin at handa niyang pagbayaran ang kaniyang nagawa.

Ang mga Katangian ng Taong Matapat

1. Pagiging maunawain at matapat sa pakikipag-usap.
2. Pag-iwas sa tsismis o kuwentong walang katotohanan.
3. Paggalang sa usapang dapat tuparin.
4. Pagtatago ng lihim na ipinagkatiwala ng iba.
5. Pagbibigay ng puri na mula sa puso.
6. Pagsasabi ng totoo, kahit nakakasakit, ngunit nakakatulong upang magbago ang sinabihan.



## *Pagyamanin*


A. Basahin at suriin ang mga pahayag. Isulat ang **<u>Oo</u>** kung ginagawa mo at **<u>Hindi</u>** kung hindi mo ginagawa. Ilahad ang iyong paninindigan sa pagsasabuhay ng katapatan.

1. Nakikipagkaibigan sa masamang barkada.
2. Nagdadahilan kung bakit nahuhuli o lumiliban.
3. Nagsasabi kapag sumama ang loob sa kaibigan.
4. Nangongopya sa oras ng pagsusulit dahil hindi nakapag-aaral.
5. Dinaragdagan ang presyo ng pambili ng gamit sa paaralan.
6. Nagsasabi ng totoo kapag tinatanong ng kaibigan kung bagay sa kaniya ang suot na damit.
7. Ginagamit ang gadget ng kasama sa bahay habang wala ang may-ari.
8. Humihiram ng gamit ng iba dahil walang pambili.
9. Nagsisinungaling upang hindi mapagalitan.
10. Nangungutang sa kamag-aral dahil may gustong bilhin na gamit.



## *Isaisip*

Ano ang iyong ginagawa sa mga pagkakataong nakagagawa ka ng pagkakamali? Bakit dapat palaging magpahayag ng katotohanan? Ano ang naidudulot sa tao ng pagsasabuhay ng katapatan?



## *Isagawa*

Sagutin ang tseklist. Lagyan ng tsek (√) ang hanay na nagpapakita kung gaano mo ito kadalas ginagawa.

| Gawain | Palagi | Paminsan Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1.Nagsasabi ng totoo sa lahat ng pagkakataon. | | | |
| 2.Palaging magpapahayag ng katotohanan. | | | |
| 3. Nagtatago ng lihim na ipanagtiwala sa iyo. | | | |
| 4. Pagsabi ng totoo kahit nakakasakit ngunit nakatutulong upang magbago ang sinasabihan. | | | |
| 5. Pag-iwas sa chismiss o kwentong walang katotohanan. | | | |



## *Tayahin*

B. Piliin ang kilos na nagpapakita ng pagiging makatotohanan. Isulat sa kuwaderno ang titik ng iyong sagot.

1. May nagpuntang bata sa inyong bahay.Kukunin niya ang laruang nahulog sa inyong bakuran.Bago pa man pumunta sa inyo ang bata, nakita mo na ang hinahanap niyang laruan. Kinuha mo ito at itinago.
   a. Itatanggi mong nasa iyo ang laruan.
   b. Ibabalik ang laruang nakuha sa bakuran.
   c. Papaalisin ang bata.
   d. Sasabihin mo wala kang nakita.

2. Inuutusan kang bumili sa tindahan ng iyong nanay. Sobra ang perang pambili na naibigay sa iyo.
   a. Ibabalik ang sobrang pera.
   b. Ibibili ng kendi ang sobrang pera.
   c. Itatago ang sobrang pera.
   d. Wag mong sasabihin na sobra ang pera

3. Nakita mo ang iyong matalik na kaibigan na kinuha ang bolpen ng iyong kamag-aaral.
    a. Sasabihin sa kaibigan na ibalik ang bolpen.
    b. Hindi kikibo at babalewalain ang nangyari.
    c. Papauwiin na ang kaibigan.
    d. Wala kang sasabihin.

4. Inihabilin sa iyo ng inyong guro na bilangin mo ang test tube na ginamit ninyo sa eksperimento pagkatapos ng klase. Nabilang mo na at ibabalik sa lalagyan ng napatid ka at nabitawan ang test tube na hawak.
    a. Magkunwari na walang alam sa nagyari.
    b. Ipagtatapat sa guro ang nangyari at sasabihin kung ilan nabasag.
    c. Aalis na lamang bigla sa silid-aaralan.
    d. Ipaalam mo sa guro na ang kaibigan mo ay may kasalanan.

5. Niyaya ka ng matalik mong kaibigan na dumaan muna kayo sa palaruan bago pumasok sa paaralan. Sa kapipilit ay sumama ka sa kaniya dahilan para mahuli kayo sa klase. Tinanong kayo ng inyong gurokung bakit ngayon lang kayo dumating.
    a. Sasabihin sa guro na intusan ng iba pang guro kung kaya nahuli sa klase.
    b. Hindi na lamang kikibo.
    c. Ipagtapat sa guro ang ginawa, hihingi patawad at mangakong hindi na uulit.
    d. Umuwi nalang at maglaro.

6. May kasinungalingan kang nasabi, at narinig ito ng iyong nakababatang kapatid. Ano ang gagawin mo?
    a. Magagalit ka sa kaniya.
    b. Iiwaan mo siya buong araw.
    c. Aaminin mo sa kaniya at sasabihing hindi tama ang pagsisinungaling na nagawa mo.
    d. Tatakutin mo ang nakakabatang kapatid.

7. May ikinuwentong sekreto sa iyo ang isa mong malapit na kaibigan. Nagbilin siya na huwag mong sasabihin sa iba.Ano ang gagawin mo?
    a. Ipagsasabi mo sa iba mo pang kaibigan.
    b. Hindi mo sasabihin kahit kanino.
    c. Magkukunwari kang walang nalalaman tungkol sa sekreto.
    d. Ikakalat ang nalalaman mo.

8. Tuwang-tuwang ipinakita sa iyo ng iyong ate ang bagong bili niyang damit na sa tingin mo ay hindi naman bagay sa kaniya. Tinanong ka niya kung bagay ang damit sa kaniya. Ano ang gagawin mo?
    a. Sasabihin mo parin na bagay sa kaniya ang damit.
    b. Sasabihin ang totoo na hindi bagay sa kaniya ang nabiling damit
    c. Iiwasan mong sumagot at magdadahilan na lang upang makalayo sa kaniya.
    d. Sabihin mo na hindi sya mayos mananamit.

9. Naglalaro kayong magkakaibigan malapit sa hardin ng isa ninyong kapitbahay nang mabasag mo ang isang paso. Narinig ng may-ari ang pagkabasag ng paso, Tinanong niya kayo kung sino ang nakabasag. Ano ang gagawin mo?
    a. Ituturo ang isa sa mga kaibigan.
    b. Sasabihing natangay ng hangin kaya bumagsak at nabasag.
    c. Aaminin na ikaw ang nakabasag at hihingi ng paumanhin.
    d. Magalit ka sabihin mo na babayaran ang nabasag.

10. Pinabili ka sa tidahan ng iyong nanay. Pagdating mo sa tindahan, napansin mo na doble ang perang papel na naibigay sa iyo ng iyong nanay. Ano ang gagawin mo?
    a. Ibabalik ang kalahati ng sobrang pera at sasabiin na iyon lang ang sobra.
    b. Hindi ipaalam kay nanay ang tungkol sa sobrang pera.
    c. Ibabalik lahat ng sorang pera.
    d. Itago at sabihing naubos na ang pera.

## *Karagdagang Gawain*

Alalahanin mo ang iyong mga naging kasalanan sa magulang, guro, o kaibigan na ipinagtapat mo at inihingi mo ng tawad. Ikuwento ang naging resulta ng iyong pagtatapat. Isualt ito sa isang buong papel. Bigyang-diin ang mga natutuhan sa karanasang ito,Gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba na magsisilbing balangkas ng iyong sulat.

Mahal kong ____________________,

Taos puso po akong humihingi ng tawad sa mga kasalanan na nagawa ko sa inyo gaya ng

_____________________________________________________________________________


_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

Umaasa po kayo na gagawan ko ng paraan na hindi na ito maulit pa. Muli ang akin pong paumanhin.

## Rubriks para sa pagmamarka ng Karagdagang Gawain

| | **Nilalaman** | **Organisasyon** | **Mekaniks** |
|---|---|---|---|
| **Kraytirya** | Wasto at malinaw ang Paglahad ng saloobin ng sulat<br><br>5 puntos | Organisado malinaw ang pagkalahad ng mga pangungusap<br><br>5 puntos | Nasunod ang mga panuntunan Sa pagsulat ng talata. (tamang bantas,indensyon<br><br>5 puntos |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| Kabuuang puntos | | | |



# *Susi sa Pagwawasto*

**<u>Balikan:</u>**
**1. Tama**
**2. Mali**
**3. Tama**
**4. Mali**
**5. Tama**

**Pagusapan Natin:**
**1. Tatanggapin ang positibong kasagutang nang mag-aaral.**

**Gawain 1**
**Tatanggapin ang anumang kasagutang**

**Gawain 2**
**1. Katapatan**
**2. Gawain**
**3. Pagtulong**

**Pagyamanin:**
**1. Hindi**
**2. Hindi**
**3. Oo**
**4. Hindi**
**5. Hindi**
**6. Oo**
**7. Hindi**
**8. Hindi**
**9. Hindi**
**10. Hindi**

**Isagawa :**
**Tatanggapin ang anumang kasagutan**

**Tayahin:**
**1. B**
**2. A**
**3. A**
**4. B**
**5. C**
**6. C**
**7. D**
**8. D**
**9. C**
**10. C**

**Karagdagang Gawain:**

## ***Sanggunian***


Gabay pangkurikulum ng ESP – 6

Batayang Aklat:

1. Ugaling Pilipino sa MAKABAGONG PANAHON 5 pp. 52 – 59,
   May akda – ni: Zenaida R. Ylarde, Gloria A. Peralta, Ed.D
   Patnugot: Gloria A. Peralta, EdD
   Tagasuri: Josephine Reyes-Masacupan, Irene Certeza – de Robles
   ISBN 978-971-07-3874-8
   Karapatang-sipi © 2016 ng Vibal Group
   Inilathala at inilimbag sa Pilipinas ng Vibal Group,Inc. na may tanggapan sa
   1253 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines

2. A compilation of LMs 5 taken from DepEd Tambayan
   (Quarter 1-4)
   Department of Education
   Republic of the Philippines
   Region IV – A CALABARZON
   Devision of Laguna